PAGBANGON SA BAHA SA KING COUNTY

1 MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG INSURANCE PROVIDER

Ang paghahain ng claim sa iyong insurance provider para sa home (tahanan), auto (sasakyan), renters (nangungupahan), o commercial (komersyal) insurance ay ang iyong unang hakbang sa pagbangon sa sakuna. Kailangang maging handa ka sa pagbibigay ng mga dokumento ng polisa at mga litrato ng pagkasira sa iyong ari-arian.

2 TUMAWAG SA 211

Kung kailangan mo ng pabahay, pagkain, o counseling para sa kalusugan ng pag-iisip, tumawag sa 211. Ang lahat ng resource ay libre at ang mga tawag ay kumpidensyal. Maaari mo ring tingnan ang mga serbisyong makukuha sa www.211.org

3 PAGLILINIS AT MULING PAGPAPATAYO



Ang muling pagpapatayo pagkatapos ng sakuna ay maaaring maging isang prosesong matagal at kumplikado. Itabi ang mga resibo para sa pagkukumpuni, pagpapalit, at anumang mga gastos na nauugnay sa sakuna. Ang mga gastos na ito ay maaaring maging kwalipikado para sa reimbursement ng iyong insurance provider o programang tulong ng pamahalaan. Iwasan ang mga manloloko! Kumpirmahin kung ang mga kontratista ay lisensyado sa pamamagitan ng Washington State Labor & Industries.

4 PUNAN ANG SURVEY PARA SA PAGKASIRA

Sinusuri ng King County Emergency Management ang mga epekto mula sa pagbaha kamakailan. Mangyaring isumite ang survey sa epekto kung nakaranas ka ng mga epekto sa mga pribadong ari-arian o negosyo.

Para sa mga epekto sa mga tirahan (kabilang ang mga nangungupahan), pumunta sa: KCOEM Residential Impact Survey

Para sa mga epekto sa negosyo, pumunta sa: KCOEM Business Impact Survey.

I-SCAN PARA SA MAS MARAMI PANG WIKA

ARABE
ESPANYOL
TSINO
VIETNAMESE
TAGALOG
SOMALI
RUSO
KOREANO
UKRAINIAN
AMHARIC

KINGCOUNTY.GOV/FLOODRECOVERY

King County

DISYEMBRE 2025/ ENERO 2026

King County

MGA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON AT TULONG SA PAGBANGON SA BAHA

Washington Department of Social and Health Services (DSHS)	Tulong na pera sa sakuna para sa mga karapat-dapat na sambahayan	**(877) 501-2233** **DSHS.WA.gov**
King County Department of Community and Human Services (DCHS)	Nagbibigay ng tulong sa pagpapaayos ng tirahan sa mga may-ari ng tirahan at nangungupahan na may kapansanan na may mababa o katamtamang kita sa karamihan sa mga bahagi ng King County	**(206) 263-9095** **KingCounty.gov/DCHS**
Crisis Cleanup	Kinokonekta ang mga sambahayan sa mga libreng serbisyo ng paglilinis nang dahil sa baha	**(844) 965-1386**
Public Health Seattle & King County (PHSKC)	Impormasyon tungkol sa mga hakbang na pangkaligtasan para sa paglilinis nang dahil sa baha at pagremedyo sa amag	**(206) 296-0100** **KingCounty.gov/Health**
King County Department of Local Services	Mga permit sa pagpapaayos nang dahil sa baha para sa mga residente ng unincorporated King County. Ang mga residente ng unincorporated na lungsod ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang ahensya sa lungsod na nagbibigay ng permit	**(206) 296-6600** **KingCounty.gov/LocalServices**
King County Solid Waste Division	Libreng pagtatapon ng debris mula sa baha sa mga istasyon ng paglipat sa Bow Lake, Shoreline, at Enumclaw sa mga araw ng Sabado at Linggo hanggang Enero 11, 2026	**(206) 477-4466** **KingCounty.gov/Solid-Waste**
Washington State Office of the Insurance Commissioner	Impormasyon tungkol sa home insurance at pagbangon sa sakuna, mag-file ng mga reklamo tungkol sa mga ahensya ng insurance	**(360) 725-7000** **Insurance.WA.gov**
Washington Department of Labor & Industries	Beripikahin ang kontratista o ibang negosyo	**(360) 902-5800** **LNI.WA.gov**
Washington Department of Financial Institutions	Impormasyon tungkol sa tulong sa mortgage para sa mga may-ari ng tirahan	**(877) 746-4334** **DFI.WA.gov**
Disaster Distress Helpline	Libreng serbisyo ng pagpapayo sa pamamagitan ng telepono o text message para sa mga nakaligtas sa sakuna	**(800) 985-5990 Call or SMS Text**

5 MAKAKUHA NG MGA ALERT AT UPDATE

Ang Alert King County ay ang platform para sa pang-emerhensyang alert at impormasyon para sa King County. Maaaring mayroon ding platform para sa pang-emerhensyang alert ang iyong lungsod. Mag-sign up gamit ang QR code sa ibaba upang makakuha ng mga update sa pagbangon sa baha at mga pang-emerhensyang alert na ipapadala sa iyong telepono o email inbox.
I-SCAN ang qr code o pumunta sa kingcounty.gov/alert

ALERT KING COUNTY